# Ibahagi ang Iyong Lahi at Etnisidad at Tulungan Kaming Pagandahin ang Serbisyo at Access

Securing today and tomorrow



## Humihiling kaba ng bago o kapalit na Social Security number card?

Sa pagbabahagi mo ng impormasyon ng iyong lahi at etnisidad, nalalaman namin kung nakakapagbigay kami ng patas na serbisyo sa lahat ng nagpapatulong sa amin. *Kusang loob ang pagbibigay ng impormasyon at hindi nito maaapektuhan ang iyong aplikasyon.*

**Salamat** sa patulong sa amin na mapabuti ang serbisyo at access! Para sa mga halimbawa kung paano namin ginagamit ang impormasyong ito para sa pagsasaliksik at estadistika, bisitahin ang ***ssa.gov/policy/about/racial-equity-resources.html*** (available lang sa wikang Ingles).

## Paano makakatulong sa akin ang impormasyong ito?

Mahalaga ang impormasyong ito para matiyak na nakakapagbigay kami ng patas at pantay-pantay na serbisyo sa lahat. Nakakatulong din ito para mapalawak namin ang access sa mga programa namin at nalalaman namin kung:

- ☑ **Sino** ang natutulungan ng mga bayad sa benepisyo namin.
- ☑ **Sino** ang posibleng hindi nakakaalam ng mga benepisyo na kuwalipikado sila.
- ☑ **Ano** ang mga di-sinasadyang hadlang na maaaring makaapekto sa mga benepisyo at serbisyo.
- ☑ **Saan** pa puwedeng tumulong at ipaalam ang tungkol sa programa.

Privacy Act Statement (Pahayag sa Batas sa Pagkapribado): Pinapahintulutan ng Seksyon 702 ng Social Security Act (Batas sa Social Security), ayon sa amyenda rito, na mangolekta ang Social Security ng impormasyon tungkol sa lahi at etnisidad, na gagamitin namin sa pagsasaliksik at estadistika. Kusang loob ang pagbibigay ng impormasyong ito; hindi ka maaapektuhan kung hindi ka nagbigay ng lahat o ilang bahagi ng impormasyon. Susundin ng Social Security ang batas kapag ginagamit at ibinabahagi ang impormasyong isinumite mo. Maaari naming ibahagi sa ibang pederal na ahensiya, kontraktor, nakatanggap ng benepisyo, estudyanteng boluntaryo, at iba pa gaya ng makikita sa rutin na paggamit sa System of Records Notice (Paunawa ng Sistema ng mga Rekord) (SORN) 60-0104, available sa ***www.ssa.gov/privacy*** (available lang sa wikang Ingles).